

- Pasalamatan ang Diyos para kay Jesus at sa Kanyang walang kapintasang halimbawa ng pagmamahal, sakripisyo, at kabutihang-loob. Ipanalangin na ikaw ay maging mas katulad ni Cristo sa paglipas ng bawat araw, at na maipakita ng buhay mo ang pagmamahal Niya.
- Magbigkas ng pagpapala sa mga taong gumawa ng kamalian sa iyo. Ipanalangin na makilala nila ang Diyos at isuko nila ang kanilang buhay sa Kanya.
- Ihayag na ang lahat tungkol sa iyo at ang lahat na mayroon ka ay magamit para sa layunin at karangalan ng Diyos. Ipanalangin na marami pa ang makapunta sa kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng buhay at halimbawa mo.

NOTES

WARM-UP

- Ano ang pinakamahirap na bagay na hinarap mo ngayong linggo? Ano ang nangyari?
- Sino ang pinakamabait na tao na kilala mo? Ano ang ginawa niya para sa iyo?
- Balikan ang isang pagkakataon kung kailan nagawan ka ng kamalian ng isang kaibigan. Paano ka tumugon?

WORD

³⁸"Narinig ninyo na sinabi noong una, 'Mata sa mata, ngipin sa ngipin.'³⁹Ngunit sinasabi ko sa inyo na huwag ninyong gantihan ng masama ang gumagawa sa inyo ng masama. Kung sampalin ka sa kanang pisngi, iharap mo pa ang kaliwa." **MATEO 5:38,39**

(Basahin din ang **MATEO 5:40-42**.)

Sa batas sa Lumang Tipan, ang isang tao na ginawan ng mali ay pinapayagang maghiganti upang maibalik ang nawala sa kanya at makatanggap ng makatarungang kabayaran. Ito ay isang paraan upang mabawasan ang karahasan at maiwasan ang paghihiganti upang makakuha ng higit pa sa kung ano ang nakuha sa kanila. Subalit binigyan ni Jesus ng bagong pakahulugan ang pagtugon sa mga taong gumawa sa atin ng kamalian, nang-insulto sa atin, at mga hindi naging makatarungan. Ngunit hindi ito salungat sa pagdedepensa sa sarili, pagtakbo palayo sa kasalanan, o paggamit ng kapangyarihan ng mga pinuno ng pamahalaan. Ito ay tungkol sa sarili nating tugon bilang mga mananampalataya kapag tayo ay ginawan ng kamalian. Ito ay ganap na ipinakita ni Jesus nang maghirap Siya para sa atin sa krus. Bilang mga mananampalataya, inuutusan Niya tayo na tumugon ng ganito.

1 Iharap ang kabilang pisngi.

³⁹“Ngunit sinasabi ko sa inyo na huwag ninyong gantihan ng masama ang gumagawa sa inyo ng masama. Kung sampalin ka sa kanang pisngi, iharap mo pa ang kaliwa. ⁴⁰Kung ihabla ka ng sinuman at kunin ang iyong damit, ibigay mo na rin pati ang iyong balabal.” **MATEO 5:39,40**

Sinabi ni Jesus na kapag tayo ay iniinsulto o ang ating personal na karangalan ay sinisira, dapat nating iwasan ang karagdagang pananakit, at sa halip ay iharap na lamang ang kabilang pisngi. Ayon sa 1 Pedro 2:21-23, paano ito ipinakita ni Jesus sa atin?

2 Gawin ang higit pa sa inaasahan sa atin.

“Kung sapilitang ipapasan sa iyo ng isang sundalo ang dala niya ng isang kilometro, dalhin mo ito ng dalawang kilometro.”

MATEO 5:41

Kapag tayo ay tinawag upang magsakripisyo at gumawa ng isang bagay para sa ating kapwa na hindi natin gustong gawin, sinasabihan tayo ni Jesus na dapat nating gawin ang higit pa sa pinapagawa sa atin. Sa palagay mo, ano ang magiging tugon ng mga tao kung gagawin natin ito? Paano makikilala ng iba ang pagmamahal ni Cristo sa pamamagitan natin?

3 Magbigay ng labis sa mga nangangailangan.

“Bigyan mo ang nanghihingi sa iyo, at huwag mong tanggihan ang nanghihiram sa iyo.” **MATEO 5:42**

Tayo ay inuutusan ng Diyos na magbigay sa mga nangangailangan nang hindi naghihintay ng anumang kapalit. Ito ay pagbibigay at pamamahagi ng anumang mayroon tayo sa mga hindi kayang magbayad sa atin o walang ibang malalapitan. Sa palagay mo, bakit sinabi ni Jesus na mas may biyaya ang magbigay kaysa sa ang tumanggap (Mga Gawa 20:35)?

APPLICATION

- Ano ang karaniwang tugon mo kapag may 'di makatarungang ginawa sa iyo? Paano ka dapat tumugon ayon sa bagong kahulugan na ibinigay ni Cristo?
- Sino ang mga dapat mong patawarin sa mga pagkakamaling ginawa nila laban sa iyo? Paano mo maibabaling ang kabilang pisngi, at magtiwala na ang Diyos ang bahala sa iyo sa kabila ng kawalan ng katarungan?
- Kanino mo kailangang magbigay ng labis na pagtulong ngayong linggo? Ano ang handa kang gawin para makilala ng taong ito ang Diyos sa pamamagitan mo?